

Buod ng Patakaran ng Houston Methodist  
sa Pagbibigay ng Pinansiyal na Tulong  
na Madaling Maintindihan

Nakapanata ang Houston Methodist sa pagbigay ng libre o diniskuwentong pangangalaga sa mga taong walang insurance, hindi sapat ang insurance, hindi kwalipikadong tumanggap ng tulong mula sa isang programa ng pamahalaan, o sa ibang paraan hindi kayang bayaran ang kanilang madaliang at kinakailangang pangangalagang medikal, batay sa pinansiyal na situwasyon ng bawat tao.

Ang mga pasyente mula sa mga pamilyang ang kabuuang kita ay nasa o mas mababa kaysa 200% ng Pederal na Antas ng Kahirapan o Federal Poverty Level (FPL) ay may karapatang tumanggap ng mga libreng serbisyo. Ang mga pasyenteng mula sa mga pamilyang ang kabuuang kita ay mas mataas kaysa 200% subalit hindi higit sa 400% ng FPL ay may karapatang tumanggap ng mga diniskwentong serbisyo. Ang laki ng diskwento ay hindi maaring maging mas malaki kaysa ang karaniwang halaga na ibinabayad sa Houston Methodist ng pribadong insurance at Medicare, kabilang ang anumang ibinayad ng pasyente na deductible, co-payment at co-insurance.

Hindi ninyo kailangang gumawa ng mga paunang bayad (advanced payments) o gumawa ng mga pag-aayos sa pagbayad para sa serbisyong madalian (emergency services) at kinakailangang pangangalagang medikal bago kayo makakatanggap ng mga serbisyo. Subalit kung may diniskwentong halaga na dapat ninyong bayaran, at hindi ninyo kayang bayaran ang buong diniskwentong halaga pagkatapos ibinigay sa inyo ang mga serbisyo, sisikapin ng Houston Methodist na singilin kayo para sa halagang ito. Padadalhan kayo buwan-buwan ng Houston Methodist ng mga billing statement na hihiling na magbayad kayo. Kung hindi ninyo kayang bayaran ang diniskwentong halaga sa iisang bayad, nag-aalok ang Houston Methodist ng mga planong may mga pinahabang panahon ng pagbayad at hindi nila hihilingin na magbayad kayo ng interes. Anumang natitirang diniskwentong halaga na hindi nabayad ay ipapakolekta sa isang ahensiyang nangongolekta na ikatlong partido (third-party collection agency). Ang pangongolekta na ikatlong partido ay hindi magsasama ng mga personal lien, paghabla o pag-abiso sa mga credit bureau.

Maaaring makakuha ng libreng kopya ng Patakaran ng Houston Methodist sa Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong, isang Application para sa Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance Application) at mga Patakaran sa Pangongolekta sa website ng Houston Methodist sa [www.houstonmethodist.org/Billing](http://www.houstonmethodist.org/Billing), sa Admitting at Registration area ng mga ospital, sa pamamagitan ng pagtawag sa Centralized Business Office sa (lokal) 832-667-5900, (libre) 877-493-3228, at sa pamamagitan ng pagsulat sa:

Houston Methodist  
Centralized Business Office  
Attn: Financial Assistance Unit  
701 S. Fry Road  
Katy, TX 77450

Itong Buod na Madaling Maintindihan (Plain Language Summary), Patakaran sa Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance Policy), Application para sa Pinansiyal na Tulong at Patakaran sa Pangongolekta ay maaring makuha sa iba ibang wika sa pamamagitan ng pagtawag sa mga tauhang nakalista sa itaas.

Ang Financial Assistance Unit ng Houston Methodist ay maaaring tawagan kung mayroon kayong mga katanungan o kailangan ninyo ng impormasyon tungkol sa Patakaran sa Pagbigay ng Pinansiyal na Tulong o kailangan ninyo ng Tulong sa proseso ng pag-apply. Maaari ninyong kausapin ang isang miyembro ng Financial Assistance Unit sa 832-667-5900 o 877-493-3228 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 7:00 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi at sa Sabado, sa pagitan ng 8:00 ng umaga at 12:00 ng hapon.

Kapag nabuo ninyo ang Financial Assistance Application, mangyaring ilakip ang lahat ng mga nagsusuportang dokumento at ipadala sa Financial Assistance Unit (tingnan ang address na nakalista sa itaas), o i-fax sa Financial Assistance Unit sa 832-667-5995.